ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

F.I.R.E (FREEZE, IMPERSONATION, ROLL AND RE-TELL, AT EVENT SEQUENCING): PAGPAPAUNLAD NG KAKAYAHAN SA PAG-UNAWA SA BINASA NG MGA MAG-AARAL SA IKA-10 NA BAITANG

Ivy Jean B. Baradillo[1], Kysha Kyl T. Cabasag[2], Edrian T. Galabo[3]
[1]ORCID No. 0009-0006-6945-9700
Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines
[2]ORCID No. 0009-0002-1196-1117
Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines
[3]ORCID No. 0009-0003-7740-947x
Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra22498
DOI No: 10.36713/epra22498

ABSTRAK

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay tukuyin ang mga epektibong estratehiya at mga interbensyon na inakma upang matugunan ang mga suliraning kinakaharap sa pag-unawa sa binasang teksto ng mga mag-aaral sa ika-10 na baitang sa Baltazar Nicor Valenzuela National High School. Ang interbensyong F.I.R.E (Freeze, Impersonation, Roll and Re-Tell, at Event Sequencing), ay nakatuon sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pre-experimental na disenyo na kung saan ito ay gumamit ng one group pre-test and post-test na pamamaraan. Ang mga respondente na napabilang sa eksperimental na grupo ay ang mga mag-aaral sa ikasampung baitang, seksyon Rizal. Gumamit ang pananaliksik ng mga estadistikang kasangkot sa pagsusuri ng datos gaya ng mean, standard deviation, paired samples t-test, at Cohen's d. Lumalabas na mayroong makabuluhang pagbabago sa marka bago ang interbensyon na may mean na 42% tungo sa 71% pagkatapos ng interbensyon. Bukod dito, ipinakita ng paired sample t-test na ang pag-unlad na ito ay estadistikang makabuluhan, $t(39) = 14.659$, $p < .001$, na may malaking epekto (Cohen's $d = 2.318$), na nagpapahiwatig na ang interbensyon ay may makabuluhang epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa. Natuklasan sa resulta ng pag-aaral na ang antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pre-test ay inilalarawan na katamtaman samantalang ang naging resulta sa post-test ay mataas. Lumalabas na mayroong makabuluhang pagbabago sa pagitan ng pre-test at post-test ng mga mag-aaral mula sa eksperimental na grupo matapos ang isinagawang interbensyon. Samakatuwid, ang F.I.R.E (Freeze, Impersonation, Roll and Re-Tell, At Event Sequencing) ay isang epektibong pamamaraan upang mapalakas at mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa at pag-unawa ng mga mag-aaral. Kung kaya, iminumungkahi ng mga mananaliksik na ipatupad ang interbensyong F.I.R.E. Ito rin ay gawing pagsasanay sa loob ng klase.

MGA SUSING SALITA: *F.I.R.E (Freeze, Impersonation, Roll and Re-Tell, at Event Sequencing), pre-eksperimental, reading comprehension, Ika-7 na baitang, Philippines*

INTRODUKSYON

Ang kasanayan sa pag-unawa sa binasa (reading comprehension) ay isang mahalagang salik sa tagumpay ng mag-aaral sa iba't ibang asignatura. Ayon kina Jimenez at Ocampo (2022), ang kakayahang umunawa ng teksto ay pundasyon hindi lamang ng pagkatuto sa wika, kundi pati na rin sa mga asignaturang nangangailangan ng pagsusuri at kritikal na pag-iisip gaya ng agham, matematika, at araling panlipunan. Gayundin, ipinakita sa pag-aaral nina Mariano et al. (2020) na ang sapat na oras at epektibong estratehiya sa pagbasa ay may malaking ambag sa pagpapabuti ng kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa kabila ng kahalagahan nito, marami pa rin sa mga mag-aaral ang nahihirapang umunawa sa binabasang teksto, lalo na sa mga mahahabang teksto at masalimuot na konsepto. Sa pag-aaral nina Gubalani et al. (2023), lumitaw na mababa ang naging resulta ng mga mag-aaral sa pre-test ng reading comprehension, na nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa mas pinahusay na interbensyon at gabay sa pagtuturo.

Sa bansang Malaysia, isang malaking hamon ang kakulangan sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral, gaya ng makikita sa mababang resulta ng mga mag-aaral sa internasyonal na pagsusulit, na nakaaapekto sa kanilang akademikong pagganap at pangmatagalang tagumpay (Kung & Aziz, 2020). Sa United Kingdom naman, maraming batang hindi dyslexic ang nahihirapan sa reading comprehension dahil sa mababang inferencing skills, working memory, at paggamit ng background knowledge (Carnoldi et al., 2022). Bilang karagdagan, ayon sa bansang Greece, natuklasan na ang mga batang may learning difficulties ay may mas mababang kakayahan sa pag-unawa sa binasa, na nauugnay sa kanilang limitadong bokabularyo at kakulangan sa pagproseso ng wika. (Kritsotakis & Morfidi, 2024).

Sa Pilipinas, particular na sa Agusan del Sur, nananatiling suliranin ang mababang kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa, na nagdudulot ng mababang akademikong pagganap at pangmatagalang epekto sa edukasyon (Acedillo, 2023). Pinalalala ito ng kakulangan sa mabisang estratehiya sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

pagtuturo at hindi pantay na access sa mga kagamitan. Sa Aloran, Misamis Occidental, maraming mag-aaral ang nahihirapan sa literal, inferential, at evaluative reading (Cabural & Infantado, 2024). Ganito rin ang kalagayan sa Tagum City, Davao del Norte, kung saan mababa ang antas ng reading comprehension dahil sa limitadong bokabularyo at kakulangan sa paggamit ng digital na kagamitan sa pagtuturo (Marvas et al., 2024).

Sa Dibisyon ng Davao del Norte, partikular na sa Baltazar Nicor Valenzuela National High School, nahihirapan ang mga mag-aaral sa ika-10 na baitang sa pagpapalakas ng kanilang kakayahan sa pag-unawa sa binasa. Ang kakulangan ng sapat na oras at pokus sa paghasa ng kakayahang maunawaan ang binasa sa kurikulum ng paaralan ay nagiging pangunahing hadlang sa pagpapalakas ng kasanayang ito sa mga mag-aaral. Bagama't may mga hakbang na ginagawa ang mga guro upang mapabuti ang kakayahang magbasa at mag-unawa ng mga mag-aaral, hindi pa rin ito sapat dahil marami pa rin sa kanila ang nahihirapan sa mga aspeto ng pag-unawa sa binasa na nakakaapekto sa kanilang pagganap sa akademiko.

Sa ibang pag-aaral, tinalakay ng ilang mananaliksik ang paghubog sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng binasang teksto. Isa na rito ang pananaliksik nina Deluao et al. (2022) na pinamagatang "Improving The Reading Comprehension Of Grade 8 Learners Using 4Rs (Read, Retell, React, Reflect) Strategy", na layuning mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa ika-8 baitang sa pag-unawa sa binasa gamit ang estratehiyang 4Rs. Gayundin, isinagawa nina Velarde at Catoto (2022) ang "Strengthening Reading Comprehension Skills Through Fluency-Oriented Reading Instruction (FORI)" na nakatuon sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ika-5 baitang na may kahinaan sa pagbabasa sa wikang Ingles. Samantala, ang pananaliksik nina Caparos et al. (2024) na "PEER UP! (Practice and Enhance Through Engaging in Reading Using Peer Tutoring): Pagpapaunlad sa Kasanayan sa Wikang Filipino ng mga Mag-Aaral sa Sekondarya" ay nakatuon sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa sekondarya sa pamamagitan ng kolaboratibong pagkatuto. Bagamat lahat ng pag-aaral ay tumutok sa pagpapahusay ng kasanayan sa pag-unawa, ang mga ito ay hindi nakatuon sa mga mag-aaral sa ika-10 baitang at gumamit ng magkaibang interbensyon. Dahil dito, naging batayan ang mga nabanggit na pag-aaral upang maisakatuparan ang pananaliksik na ito, na layuning suriin ang epekto ng interbensyon sa pagpapalawak ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa ika-10 baitang ng Baltazar Nicor Valenzuela National High School (BNVNHS).

Ang pagsisiyasat ng mga mananaliksik sa pag-aaral na ito ay lumitaw dahil ang problemang kakulangan sa pag-unawa sa binasang teksto ay nakababahala at lubos na kinakailangan ng isang agarang aksyon. Bilang mga guro sa hinaharap, napakahalagang matugunan ang suliraning ito dahil ang mga kasanayang pang-akademiko na may kinalaman sa pag-unawa sa binasang teksto ay isa sa mga napakahalagang salik sa mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Bilang karagdagan, ito rin ay isang napakahalagang aspekto upang mabigyan ng sapat na atensyon at interbensyon ang problemang ito upang mahubog ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa.

Layunin ng Pag-aaral

Ang layunin ng pag-aaral na ito ay masuri ang mga karanasan ng education earners sa pagkuha ng board examination at upang matukoy ang mga salik na nakakatulong sa kanilang tagumpay. Ang layunin nito ay upang malaman ang tungkol sa kanilang mga karanasan, kanilang mga paraan ng pagharap, at kanilang mga pananaw sa mga nabanggit sitwasyon. Bilang karagdagan, ang layunin ng pag-aaral na ito upang siyasatin ang mga karanasan na naging kadahilanan upang malagpasan ang mga hamon nito.

Sa karagdagan, ang pananaliksik ay gumagamit ng isang paraan na kilala bilang multiple case study bilang paraan ng pangangalap ng kinakailangang impormasyon mula sa mga kalahok na pinagtutuunan ng pansin ng imbestigasyon. Bilang karagdagan, ang layunin ng pananaliksik ay upang makagawa at mangolekta mahalagang datos gamit ang induktibo at obserbasyon ayon sa nakikita ng pananaliksik.

Mga Katanungan sa Pananaliksik

Ang mga tanong sa pananaliksik sa ibaba ay gagamitin upang siyasatin ang mga dahilan kung paano ang Freeze, Impersonation, Roll and Re-Tell, at Event Sequencing ay magiging isang interbensyon para sa mga mag-aaral na mahubog ang kanilang kasanayan sa pag-unawa sa binasang teksto. Ang mga katanungan sa pananaliksik na naging gabay sa pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod:

1. Ano ang antas ng mga mag-aaral sa paghubog sa kanilang kasanayan sa pag-unawa sa binasang teksto bago ipatutupad ang interbensyong F.I.R.E (freeze, impersonation, roll and re-tell at event sequencing)?
2. Ano ang antas ng mga mag-aaral sa paghubog sa kanilang kasanayan sa pag-unawa sa binasang teksto pagkatapos ng implementasyon ng interbensyong F.I.R.E (freeze, impersonation, roll and re-tell at event sequencing)?
3. Ano ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga puntos sa isinagawang pretest at post-test?
4. Ano-ano ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa implementasyon ng interbensyong F.I.R.E (freeze, impersonation, roll and re-tell at event sequencing)?

Iminungkahing Inobasyon, Interbensyon at Istratehiya

Ang iminungkahing interbensyon, na F.I.R.E Intervention, ay isang 4 na linggong estratehiya para sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pag-unawa sa binasang teksto ng mga mag-aaral. Ang interbensyon ay dumaraan sa apat na pangunahing yugto, kung saan bawat yugto ay nakabatay sa nauna upang matiyak ang matibay na pundasyon at unti-unting pagkatuto tungo sa ganap na kasanayan sa pag-unawa sa mga binasang teksto.

Sa unang linggo, nakatuon ang interbensyon sa pagpapalawak ng pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng estratehiyang Freeze isang interaktibong gawain na tumutulong sa mga mag-aaral na ipahayag ang kahulugan ng isang eksena mula sa teksto gamit ang kilos at ekspresyon. Sa pamamagitan ng pagpili ng

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

mahahalagang bahagi ng akda at pagganap bilang mga tauhan, natututo ang mga mag-aaral na suriin ang emosyon, kilos, at temang nakapaloob sa binasa. Binibigyang-diin ng estratehiyang ito ang koneksyon ng pag-unawa sa binasa at pisikal na pagganap, na mahalaga sa pagpapalalim ng pagsusuri at pagbibigay-kahulugan sa mga teksto.

Sa ikalawang linggo, nakatuon ang interbensyon sa pagpapalawak ng pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng estratehiyang Impersonation, kung saan ginagaya ng mga mag-aaral ang isang tauhan gamit ang kilos, boses, at ekspresyon ng mukha. Sa pamamagitan ng aktibidad na ito, natututo ang mga mag-aaral na unawain ang konteksto ng tauhan, ang kaniyang pamumuhay, motibo, personalidad at maipahayag ito sa masining na paraan. Binibigyang-diin ng estratehiyang ito ang kahalagahan ng malalim na pag-unawa sa karakter bilang susi sa mas epektibong pagsusuri ng binasang teksto.

Pagdating sa ikatlong lingo, ipinatupad ang estratehiyang Roll and Re-Tell upang higit na mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa binasa sa pamamagitan ng interaktibong talakayan. Sa tulong ng dice na may katumbas na mga tanong ukol sa teksto, naiuugnay ng mga mag-aaral ang kanilang kasagutan sa mahahalagang bahagi ng akda tulad ng pangunahing ideya, problema, o damdamin ng tauhan. Binibigyang-diin ng gawaing ito ang kritikal na pag-iisip at aktibong partisipasyon, na mahalaga sa mas malalim na pag-unawa at pagbabahagi ng interpretasyon sa klase.

Panghuli, sa ikaapat na linggo ay isinagawa ang estratehiyang Event Sequencing upang hubugin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsunod sa daloy ng kwento at pag-unawa sa ugnayan ng mga pangyayari. Sa pamamagitan ng pag-aayos ng mga larawan ayon sa tamang pagkakasunod batay sa binasang teksto, natututo ang mga mag-aaral na tukuyin ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa kwento. Binibigyang-diin ng gawaing ito ang lohikal na pag-iisip at pagbubuod, na mahalaga sa mas malalim na pag-unawa sa binasang akda. Sa kabuoan, sa pamamagitan ng interbensyong F.I.R.E (freeze, impersonation, roll and re-tell at event sequencing), ang mga mag-aaral ay mahihikayat at matutulungan sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa. Layunin nitong mapataas ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kanilang kasanayang akademiko, lalo na sa paghubog ng kanilang kakayahan sa pag-unawa sa mga binasang teksto.

Week 1	**Week 2**
Pukos: *Freeze* isang interaktibong gawain na tumutulong sa mga mag-aaral na ipahayag ang kahulugan ng isang eksena mula sa teksto gamit ang kilos at ekspresyon. • Sa estratehiyang Freeze, ipinapahayag ng mga mag-aaral ang mahahalagang bahagi ng binasa sa pamamagitan ng pagpo-pose bilang estatwa upang ipakita ang damdamin, kilos, o ideya ng tauhan. • Binibigyang-diin ng mga gawain ang pagsusuri sa banghay, tauhan, at tema ng teksto, na mahalaga sa mas malalim na pag-unawa sa binasa. • Ang interaktibong pamamaraan na ito ay ginagawa ring mas kawili-wili ang pagtalakay sa nilalaman ng akda sa pamamagitan ng kilos at kolaborasyon.	Pukos: *Impersonation*, kung saan ginagaya ng mga mag-aaral ang isang tauhan gamit ang kilos, boses, at ekspresyon ng mukha. • Ginagaya ng mga mag-aaral ang isang tauhan mula sa akda gamit ang kilos, boses, at ekspresyon ng mukha upang maipakita ang kanyang personalidad at motibo. • Binibigyang-diin ng gawain ang malalim na pag-unawa sa konteksto ng tauhan—kung paano siya namuhay, kumilos, at nakipag-ugnayan sa iba. • Sa tulong ng masining at kolaboratibong pagganap, nahuhubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa interpretasyon ng teksto.
Week 3	**Week 4**
Pukos: *Roll and Re-Tell* upang higit na mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa binasa sa pamamagitan ng interaktibong talakayan. • Gumagamit ang mga mag-aaral ng dice upang sagutin ang mga tanong kaugnay ng binasang akda, tulad ng pangunahing ideya, problema ng tauhan, at iba pa. • Sa pamamagitan ng random na pagpili ng tanong, nahahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsuri at pagbabahagi ng mahahalagang bahagi ng teksto.	Pukos: *Event Sequencing* upang hubugin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsunod sa daloy ng kwento at pag-unawa sa ugnayan ng mga pangyayari. • Inaayos ng mga mag-aaral ang mga larawan ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari mula sa binasang teksto. • Tinutulungan sila ng gawaing ito na unawain ang lohikal na daloy ng kwento at ang ugnayan ng sanhi at bunga sa mga pangyayari. Nahahasa ang kanilang kakayahan sa pagsusuri, pagbubuod, at pagbabahagi ng kanilang pagkaunawa sa binasa.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gagamit ng pre-experimental na disenyo partikular ang one-group pre-test at post-test na pamamaraan. Sa disenyong ito, isinagawa muna ang pre-test, susundan ng isang interbensyon, at pagkatapos ay ang post-test. Layunin nitong matukoy kung nagkaroon ng pagbabago sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto matapos ang interbensyon. Kaya naman, ang pre-eksperimental na pananaliksik ay isang paunang hakbang upang mapatunayan ang pangangailangan ng interbensyon ng mga mananaliksik (Vocxo, 2021).

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng one-group pre-test-post-test na disenyo na kung saan ay gumamit ng tatlong hakbang: una ang pagsasagawa ng pre-test sa eksperimental na grupo; ikalawa, ang pagsasagawa ng interbensyon na F.I.R.E; at panghuli, ang pagsasagawang post-test. Masusukat ang katagumpayan ng pag-aaral na ito at kung may pagbabago bang naganap sa experimental group sa pamamagitan ng pag-alam sa resulta bago sinimulan ang interbensyon at pagkatapos itong isinagawa.

Instrumento ng Pananaliksik

Sa pagsasagawa ng pag-aaral nararapat lamang na gumamit ng mga instrumentong aangkop at tutugon sa layunin ng pag-aaral. Sa pagsasagawa ng nito ay gumamit ang mga mananaliksik ng isang adaptive na talatanungan mula sa isang pag-aaral.

Ginamit ng pag-aaral na ito ang eksaminasyon na ginawa ni Muegna (2024) ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Ito ay isang pagsusulit na mayroong apatnapung katanungan na susukat sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga tekstong kanilang binabasa. Ito ay sinuri at iwinasto ng tagapayo upang maiangkop sa mga mag-aaral at sa pag-aaral.

Gamit ang *range of mean perecentage*, makikita ang pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto gamit ang interbensyon. Ito ay batay sa rubrik ni Amira (2018) upang pagbatayan sa mga puntos na nakuha mula sa *pre-test* hanggang *post-test.*

Talahanayan 1
Range of Mean Percentage

Mean	Katumbas na Deskripsyon	Interpretasyon
91-100	**Napakataas**	Palaging wasto ang pag-unawa ng mga mag-aaral, na may kaunti o walang pagkakamali, at nagpapakita ng malalim na pagkaunawa sa binasa.
61-80	**Mataas**	Kadalasang tama ang pag-unawa ng mga mag-aaral, at ang bihirang pagkakamali ay bahagyang nakaapekto sa kabuoang pagkaunawa.
41-60	**Katamtaman**	Kadalasang tama ang pag-unawa ng mga mag-aaral, at bagamat may ilang pagkakamali, hindi ito gaanong nakaaapekto sa pag-unawa sa binasa.
21-40	**Mababa**	Madalas magkamali ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa, na nagpapahiwatig ng kakulangan sa kanilang kasanayan sa pag-unawa.
0-20	**Napakababa**	Ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pag-unawa ng binasang teksto dahil sa maling pag-unawa sa mga salita, na nagpapakita ng kakulangan sa kasanayang ito at nangangailangan ng agarang aksyon.

Lokasyon ng Pananaliksik

Isinagawa ang pag-aaral na ito sa Baltzar Nicor Valenzuela National High School. Sa paaralang ito ay napansin ng mga mananaliksik na karamihan sa mga mag-aaral ay nagkakaroon ng kahirapan sa pag-unawa ng mga teksto. Napili ang BNVNHS bilang lokasyon ng pananaliksik sapagkat dito isinagawa ng mga mananaliksik ang kanilang internship. Dahil dito, itinuturing na makabuluhan at angkop ang pagpili sa paaralang ito bilang lugar ng pananaliksik.

Sampol at Populasyon

Ang pag-aaral ay isasagawa at ipatutupad sa isang pampublikong paaralan. Ang mga kalahok ng pananaliksik ay mga mag-aaral sa baitang-10 ng Baltazar Nicor Valenzuela National High School, Capungagan, Kapalong, Davao del Norte. Para sa pag-aaral na ito, pumili lamang ang mga mananaliksik ng isang seksyon mula sa baitang-10 bilang mga respondente. Layunin din ng pag-aaral na ito na matukoy kung may pagbabago sa kanilang kasanayan sa pag-unawa ng mga binasang teksto batay sa resulta ng kanilang pre-test at post-test.

Talahanayan 2
Pre-Experimental na Disenyo

Grupo	Pretest	Interbensyon	Post-test
Pre-Experimental (Rizal)	40	X	40

Paglikom ng Datos

Ang isang experimental na pananaliksik ay nangangailangan ng maayos at organisadong paraan ng pagkolekta ng datos upang matiyak ang kawastuhan, pagiging epektibo, at tagumpay ng pag-aaral. Pagkatapos matukoy ang problema at ang mga respondente, ay magsagawa ng pretest na kung saan ang mga mananaliksik sa mga napiling mag-aaral bilang pagbabatayan ng kanilang aksyong pananaliksik. Pagkatapos nito, nag-plano ang mananaliksik na mapabuti ang kanilang pag-unawa sa binasa gamit ang interbensyong F.I.R.E (freeze, impersonation, roll and re-tell at event sequencing).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Pagkatapos ng interbensyon, magsasagawa ng post-test ang mga mananaliksik sa pamamagitan ng pagsusuri sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng binasang teksto. Malalaman ito sa magiging resulta ng pagsusuri kung ang isinagawang interbensyon ay epektibo, at kung may pagkakaiba sa mga resulta ng pretest sa post-test, pati na rin ang pagbabago sa kanilang mga marka pagkatapos ng interbensyon. Gagamitin ng mga mananaliksik ang angkop na talatanungan at rubrik upang suriin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng binasang teksto.

Bago simulan ang pagsusuri ng mga datos at ang pagkilala sa mga kinakailangang pagkukunan ng impormasyon para sa pananaliksik, ang manuskrito at mga tala mula sa napiling pag-aaral ay sumailalim muna sa masusing pagsusuri ng lupon ng tagapagsuri ng Kapalong College of Agriculture, Sciences, and Technology. Ang hakbang na ito ay isinagawa upang matiyak na ang pag-aaral ay sumusunod sa wastong mga proseso, tumatalima sa mga pamantayang pang-etika, at nagbibigay ng proteksyon sa mga materyal at institusyong kasama sa pananaliksik.

Unang alituntunin, ang mga partisipante sa ika-10 na baitang mula sa Baltazar Nicor Valenzuela National High School (BNVNHS) ay sasanayin ang kanilang pang-unawa mula sa mga binasang teksto sa pamamagitan ng interbensyong F.I.R.E (freeze, impersonation, roll and re-tell at event sequencing). Sunod, matapos masuri ang pang-unawa ng mga mag-aaral sa binasang teksto ay sinuri ito sa pamamagitan ng talatanungan at rubriks na pinagbatayan.

Panghuli, ay susuriing mabuti ang mga datos at makuha ang lahat ng pagpapakahulugan ng lahat ng sagot sa mga tanong ng pananaliksik, nakabuo ng konklusyon at rekomendasyon para sa mga pananaliksik sa hinaharap na may parehong pokus ng pag-aaral. Sinigurado na ang resulta ng pananaliksik na ito ay nabalida at nasuri ng mga dalubhasa sa usaping panglinggwistika lalo na sa kasanayan sa pag-unawa sa binasa. Ito ay upang maiiwasan ang bias na tugon sa pananaliksik at makumpirma ang pananaw at konklusyon ng mananaliksik.

Istatistikal na Tritment ng mga Datos

Ang mga sagot sa bawat bilang ng mga talatanungan ay itatala nang naaayon sa layunin ng pag-aaral na ito. Ang resulta ay aanalisahin at bibigyang-pagpapakahulugan gamit ang mga naaangkop na istatistikal tool.

Mean. Ginamit ito upang malaman ang pangunahing impormasyon tungkol sa perpormans ng pangkat bago at matapos ang interbensyong ginawa. Ito rin ang gagamitin upang ilarawan ang resulta ng *pre-test* at *post-test.*

Standard Deviation. Sinukat nito ang pagkakaiba-iba ng mga puntos ng mag-aaral mula sa mean upang matukoy kung gaano kalawak ang pagkalat ng kanilang mga resulta sa *pre-test* at *post-test.*

Paired-tailed test. Ginamit ito upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba ba ang nakuhang marka ng mga mag-aaral sa pre-test at *post-test*. Kung ang mean ba ng eksperimental na grupo sa pre-test ay mas mataas o mas mababa sa nakuhang marka sa *post-test.*

Cohen's d. Ginamit ito upang sukatin ang laki ng epekto ng interbensyon sa pagkatuto ng mag-aaral. Sa pamamagitan ng cohen's d, natukoy kung gaano kalakas ang epekto ng interbensyong *F.I.R.E* sa pagpapahusay ng kanilang kasanayan sa pag-unawa ng mga binasang teskto.

Data Analysis

Sa pagsusuri ng mga datos, tinala ng mga mananaliksik ang mga marka ng mga mag-aaral mula sa *pre-test* at *post-test*. Pagkatapos, kinakalkula ang kabuoang *mean* upang ipakita ang antas ng kahusayan sa pag-unawa ng mga binasang teksto bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng interbensyon.

Thematic. Bilang karagdagan sa kwantitatibong pagsusuri, sinuri ang kwalitatibong datos mula sa malalim na panayam upang magbigay ng masusing pag-unawa sa epekto ng interbensyon. Ang tematikong pagsusuri ng mga *transcript* ng panayam ay nagbigay-liwanag sa mga pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa intebensyong *F.I.R.E*, na nagbukas ng mga pananaw tungkol sa pagiging epektibo nito, mga nakikitang benepisyo, at mga suhestiyon.

RESULTA AT DISKUSYON

Resulta ng Pre-Test

Inilalahad sa kabanatang ito ang resulta o datos na nakuha sa pag-aaral. Ito ay nagpapakita ng datos sa antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa pre-test ng eksperimental na grupo bago isasagawa ang interbensyong F.I.R.E, ang antas ng mga puntos ng mga mag-aaral sa post-test ng eksperimental na grupo matapos ang pagpapatupad ng interbensyong F.I.R.E at makabuluhang pagkakaiba ng marka sa pagitan ng pre-test at post-test. Ang pangkalahatang resulta ng pre-test ng mga mag-aaral ay inilalarawan na "katamtaman". Ipinapahiwatig nito na may kakayahan silang maunawaan ang pangunahing ideya at ilang mahahalagang detalye sa kanilang binabasa. Subalit, maaari pa rin silang makaranas ng mga suliranin sa mas malalim na pagsusuri o interpretasyon ng teksto. Ang ganitong lebel ng kasanayan ay nagpapakita na bagama't may batayang kaalaman ang mga mag-aaral, kinakailangan pa nilang linangin ang kanilang kakayahang mag-analisa at mag-isip nang mas kritikal upang mas epektibong maunawaan at masuri ang mas masalimuot na mga babasahin.

Research Objective No.1 Ano ang antas ng mga mag-aaral sa paghubog sa kanilang kasanayan sa pag-unawa sa binasang teksto bago ipatutupad ang interbensyong *F.I.R.E (freeze*, *impersonation, roll and re-tell* at *event sequencing)?*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 3
Resulta ng Pre-Test

Pre-test Scores	Frequency	Bahagdan
11	2	5.00%
12	2	5.00%
13	1	2.50%
14	2	5.00%
15	4	10.00%
16	5	12.50%
17	9	22.50%
18	3	7.50%
19	6	15.00%
20	2	5.00%
21	4	10.00%
Kabuoan	**40**	**100.00%**
Kabuoang *Mean*		**42%**
Standard Deviation		**2.700**
Deskripsyon		**Katamtaman**

Batay sa resulta ng Talahanayan 3, malinaw na makikita ang pagkakaiba ng distribusyon ng mga marka ng mga mag-aaral sa pre-test. Sa pre-test, karamihan sa mga mag-aaral ay nakakuha ng mababababang marka. Halimbawa, ang pinakamaraming bilang ng mag-aaral ay nakakuha ng iskor na 17 (22.50%), kasunod ng 19 (15.00%), 16 (12.50%), 15, 21 (10.00%), 18 (7.50%) sumunod naman ang 11, 12, 14, 20 (5.00%) at panghuli na marka na nakuha ng mga mag-aaral ay 13 (2.50%). Nakakuha ang grupo ng kabuoang mean na 42% na may standard deviation na 2.700, na nagpapakita ng pangkalahatang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa paksa ay nasa katamtamang lebel bago isagawa ang interbensyon.

Ayon sa pag-aaral ni Lusianti (2020), lumitaw na karamihan sa mga mag-aaral ay nakakuha lamang ng katamtamang marka sa pre-test, na nagpapakita ng kakulangan sa kasanayan sa pag-unawa ng binabasa. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangan para sa higit pang pagsasanay. Sa pag-aaral naman nina Gubalani et al. (2023), mababa ang naging mean score ng mga mag-aaral sa pre-test. Ipinapakita nito na kailangan pa nilang mapaunlad ang kanilang kaalaman at kasanayan upang mas mapadali ang proseso ng pag-unawa sa binasa, lalo na sa tulong ng mas may kaalaman. Ganito rin ang naging obserbasyon sa pag-aaral ni Fernandez (2022), kung saan mababa rin ang marka ng mga mag-aaral sa pre-test. Binigyang-diin niya ang kahalagahan ng suporta ng guro sa pagpapaunlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng teksto.

Talahanayan 4.
Buod ng Mean Scores at Deskripsyon ng mga Indicator bago ang Interbensyon

Indicators	Pre-test	
	Average Percentage Scores (%)	Description
Ang Uhaw na Ibon	59%	Katamtaman
Ang mga magsasaka	55%	Katamtaman
Si Cesar Chavez	58%	Katamtaman
Ang Batang Deputy	40%	Mababa
Ang Ekspiremento	33%	Mababa
Pinuno ng Underground Railroad	35%	Mababa
Pagkakalma sa kalagitnaan ng kaguluhan	37%	Mababa
Biyaya ng Bansa	24%	Mababa
Pagtugon sa problema ng Y2K	31%	Mababa
Ang kasikatan ng world cup	22%	Mababa
Overall Percentage Score (%)	**42%**	**Katamtaman**

Ipinakita sa Talahanayan 4 ang mean scores bago at pagkatapos ng interbensyon, kapansin-pansin ang malinaw na pagtaas sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa mga binasang teksto. Sa pre-test, halos lahat ng indicator ay nasa saklaw na katamtaman hanggang sa mababa na deskripsyon na nangangahulugang ang pagpapaunlad ng kakayahan sa pag-unawa sa binasang teksto ay bihirang naipapakita.

Mapapansin na ang Uhaw na Ibon, Ang mga Magsasaka, at Si Cesar Chavez, ang nakakuha ng 41-60% na may deskripsyon na katamtaman. Bagama't maayos ang resulta, kailangan pa rin ang interbensyon upang mas mapaunlad pa ang kanilang pag-unawa sa mga binasang teksto. Samantala, Ang Batang Deputy, Ang Eksperimento, Pinuno ng Underground Railroad, Pagkakalma sa Kalagitnaan ng Kaguluhan, Biyaya ng Bansa, Pagtugon sa Problema ng Y2K, at Ang Kasikatan ng World Cup ay nakakuha ng mababang porsyento na 21-40% na nasa mababang deskripsyon. Hudyat ito na kailangang pagtuunan nang pansin ang kanilang pag-unawa sa mga binabasang teksto at pag-implementa sa interbensyon.

Pinagtibay nina Hamora et al. (2022) na mababa ang pre-test ng mga mag-aaral ngunit malaki ang naitulong ng interbensyon sa kanilang pag-unawa sa binasa. Ayon kay Casingal (2022), mahalaga ang patuloy na suporta ng mga guro sa pagpapatupad ng interbensyong pagbasa gamit ang Step by step intervention approach na pamamaraan. Dagdag pa ni Abril et al (2022), malaki ang naitulong ng programang PLAY ACT sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Research Objective No.2: Ano ang antas ng mga mag-aaral sa paghubog sa kanilang kasanayan sa pag-unawa sa binasang teksto pagkatapos ng implementasyon ng interbensyong F.I.R.E (freeze, impersonation, roll and re-tell at event sequencing)?

Sa kabilang banda, makikita naman sa Talahanayan 5 ang resulta ng post-test. Ito ang isinagawang pagsusulit matapos naisagawa ang interbensyon. Magkakatulad lamang ang eksaminasyon na ginamit at ginawa ngunit mayroong kakaunting pagbabago.

Talahanayan 5.
Resulta ng *Post-Test*

Pre-test Scores	Frequency	Bahagdan
23	4	10.00%
24	6	15.00%
25	3	7.50%
26	2	5.00%
27	5	12.50%
28	1	2.50%
29	3	7.50%
30	4	10.00%
31	3	7.50%
32	2	5.00%
33	2	5.00%
34	1	2.50%
35	3	7.50%
36	1	2.50%
Kabuoan	**40**	**100.00**
Kabuoang *Mean*		**71%**
Standard Deviation		**3.948**
Deskripsyon		**Mataas**

Bilang karagdagan, makikita sa Talahanayan 5 na ang pinakamataas na nakuhang marka sa pagsusulit ay 36 na may frequency o bilang ng mag-aaral na nakakuha ay 1 na may bahagdan na 2.50%. Ibig sabihin, nag-iisa lamang ang mag-aaral na nakakuha sa pinakamataas na marka at ito ay pasado. Samantala, ang may pinakamababang marka naman na nakuha ay 23 na may frequency na 4 at may 10.00% na bahagdan. Bagaman ito ay mas mataas kung ikukumpara sa naging resulta ng pre-test ito pa rin ay hindi pumasa. Sa kaparehong banda, makikita naman na ang kadalasang markang nakuha ng mga mag-aaral ay 35 at 31 na may frequency na 3. Ito ay pumasa sapagkat ang pasadong marka ay 30. Sa kabuoang bilang ng populasyon na 40, 16 lamang ang pumasa sa post-test.

Makikita sa resulta na matapos ang isinagawang interbensyon ang kabuoang *mean* na nakuha ay 71% at may *standard deviation* na 3.948 na may deskriptibong katumbas na mataas. Nangangahulugan lamang ito na ang mga mag-aaral ay mahusay na sa pag-uunawa sa kanilang binabasa. Ang mga mag-aaral ay kadalasang tama na may kakayahan sa pag-unawa sa binasang akda. Ang mga pagkakamali ay bihira at bahagya lamang na nakakaapekto sa kabuoang pagkaunawa. Sa kabila nito, hindi pa rin maipagkakailang mayroon pa ring mga aspekto na nagkakaroon sila ng kahirapan na nagdudulot pa rin ng pagkakamali.

Katulad ng natuklasan sa pag-aaral ni Ahmad (2021), tumaas ang marka ng mga mag-aaral sa post-test matapos ang interbensyon, na nagpapakita ng bisa ng ginamit na estratehiya. Iminungkahi rin na gumamit ang mga guro ng mas inobatibo at interaktibong pamamaraan upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbabasa at pag-unawa. Tumutugma ito sa natuklasan ni Lusianti (2020), kung saan mas mataas ang marka ng mga mag-aaral sa post-test, patunay sa bisa ng interbensyon. Iminungkahi rin na mahalaga ang malikhaing estratehiya ng mga guro upang higit na mapaunlad ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Samantala, ipinakita sa pag-aaral nina McBreen at Savage (2023) na mas epektibo ang mga interbensyong pinagsasama ang motibasyon at kasanayan kumpara sa mga nakatuon lamang sa isa. Lumalabas na ang paggamit ng makabuluhang aktibidad at suportang motivational ay may positibong epekto sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa.

Talahanayan 6
Buod ng *Mean Scores* at Deskripsyon ng mga *Indicator* Matapos ang Interbensyon

Indicators	Post-test	
	Average Percentage Scores (%)	Description
Ang Uhaw na Ibon	91%	Napakataas
Ang mga magsasaka	82%	Mataas
Si Cesar Chavez	86%	Mataas
Ang Batang Deputy	77%	Mataas
Ang Ekspiremento	67%	Mataas
Pinuno ng Underground Railroad	66%	Mataas
Pagkakalma sa kalagitnaan ng kaguluhan	64%	Mataas
Biyaya ng Bansa	55%	Katamtaman
Pagtugon sa problema ng Y2K	63%	Mataas
Ang kasikatan ng world cup	55%	Katamtaman
Overall Percentage Score (%)	**71%**	**Mataas**

Matapos maimplementa ang interbensyon, makikita sa Talahanayan 6 ang pagtaas ng pagkatuto dahil bawat indicator ay nakakuha ng katatamtaman hanggang napakataas na deskripsyon. Ang Biyaya ng Bansa at Ang Kasikatan ng World Cup ang nakakuha ng 41-60% na nangangahulugang katamtaman, hudyat na kadalasang tama ang pag-unawa ng mga mag-aaral, at bagama't may ilang pagkakamali, ngunit hindi ito

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

gaanong nakakaapekto sa komunikasyon. Samantala, ang Pagtugon sa Problema ng Y2K, Pagkakalma sa Kalagitnaan ng Kaguluhan, Pinuno ng Underground Railroad, Ang Ekspiremento, Ang Batang Deputy, Si Cesar Chavez, at Ang mga Magsasaka ay nakakuha ng 61-80% na may deskripsyon na mataas. Panghuli ay ang Uhaw na Ibon na may 91% na nangangahulugang napakataas. Kung pagbabatayan ang porsyento na nakuha ay tumaas mula sa mababa tungo sa mataas na porsyento. Nangangahulugan ito na ang interbensyon na naimplementa ay matagumpay. Sa kabuoan, ang pangunahing mean percentage score ng mga mag-aaral ay tumaas mula 22% na mababa patungo sa 91% na napakataas.

Pinagtitibay ito ng pananaliksik ni Robison (2022), na nagpakitang mas mahusay ang resulta ng mga mag-aaral sa eksperimental na grupo matapos ang interbensyon, na may malinaw na pagtaas mula pre-test hanggang post-test. Ipinapakita nito ang positibong epekto ng interbensyon sa kasanayan sa pag-unawa ng binasa. Sa pananaliksik ni Dela Cruz (2024), lumitaw na epektibo ang paggamit ng WordWall bilang interbensyon, matapos makamit ng mga mag-aaral ang pag-angat mula "Moderate" patungong "Very high" na antas sa post-test. Pinagtibay rin ito ng pag-aaral ni Centeno (2024) kung saan ang Project READY PLUS+ ay nagdulot ng makabuluhang pagtaas sa marka ng mga mag-aaral, patunay sa bisa ng makabago at interaktibong estratehiya sa pagpapabuti ng pag-unawa sa binasa.

Research Objective No.3: Ano ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng mga puntos sa isinagawang pretest at post-test?

Makikita rin sa Talahanayan 6 na bago isinailalim sa interbensyon ang mga mag-aaral, ang mean ng pre-test ng mga mag-aaral ay 42% na nangangahulugang katamtaman. Samantala sa isinagawang post-test naman ay napansing ito ay tumaas at nagkaroon ng mean na 71% na nangangahulugang mataas. Ang pagtaas ng mean mula sa pre-test (42%) patungo sa post-test (71%) ay nagpapahiwatig na mayroong pag-unlad o pagbabago sa resulta ng mga mag-aaral matapos silang sumailalim sa interbensyon na F.I.R.E (Freeze, Impersonation, Roll And Re-Tell, At Event Sequencing).

Inilahad sa Talahanayan 6 ang resulta ng pagbabago at pagkakaiba ng mga datos mula sa Pre-Test at Post-Test matapos maisagawa ang F.I.R.E, $t(39)= 14.659$, $p<.001$. Dahil mas mababa ang p-value ($p<.001$) sa antas ng katiyakan na ($a=0.05$), ang null na haypotesis ay rejected. Samakatuwid, makikitaang may makabuluhang pagbabago sa pagitan ng pre-test at post-test ng mga mag-aaral mula sa eksperimental na grupo.

Talahanayan 7.
Makabuluhang Pagkakaiba ng Pre-test at Post-test Matapos ang F.I.R.E na Interbensyon

Type of Test	*N*	*df*	*Mean*	*Mean difference*	*SD*	*t-value*	*P-value*	*Cohen's d*	*Decision a=0.05*
Post-test	40		28.275		3.948				
Pre-Test	40	39	16.800	11.475	2.700	14.659	<.001	2.318	Significant

Ang nakalkulang Cohen's d na 2.318 ay nagpapahiwatig ng napakalaking epekto. Binigyang-turing nito na ang ipinatupad na interbensyon sa pag-aaral ay may napakalakas na epekto sa pagganap ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin ng resultang ito ang bisa ng interbensyong F.I.R.E na nakatulong sa pagpapahusay at kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng binasa

Bilang dagdag, ang paggamit ng F.I.R.E na interbensyon ay epektibong nakatutulong sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa ng binabasa. Ang pagsasama ng mga estratehiyang tulad ng Freeze, Impersonation, Roll and Re-Tell, at Event Sequencing ay nagbibigay daan upang mapaunlad hindi lamang ang bokabularyo ng mga mag-aaral kundi maging ang kanilang kakayahang magsuri at mag-isip nang mas malalim hinggil sa mga tekstong kanilang binabasa.

Sinuportahan ito ng pag-aaral ni Ojeh (2022) na gumamit ng pre–post test sa 39 mag-aaral sa loob ng 10 linggo. Lumabas na 75% ng mga kalahok ay umabot sa independent reading level, mula sa instructional level. Sa t-test na may p-value < 0.002, nakita ang makabuluhang pag-unlad sa katatasan sa pagbasa. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng pagbabasa sa pagpapahusay ng kaalaman, pag-unawa, motibasyon, at bokabularyo.

Katulad din ng natuklasan nina Aguhayon et al. (2023), bago ang interbensyon, ang mean score ng mga mag-aaral ay 0.74 ($SD = 1.32$) at tumaas sa 5.09 ($SD = 1.65$) pagkatapos ng interbensyon. Sa t-value na -19.5 at p-value na .001, malinaw na may makabuluhang pagtaas sa resulta. Ipinapakita nito ang pagbuti ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa dulot ng interbensyon, na nagpalakas sa interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa at nakatulong sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan.

Katulad sa pag-aaral nina Caabay et al. (2024) na gamit ang pre-test at post-test na disenyo, natuklasan ng mga mananaliksik na ang mga interbensyon ay epektibong nakatulong sa pagpapabuti ng kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral. Bumaba ang bilang ng mga nasa *frustration level* mula 16 sa 4, habang tumaas ang nasa *independent level* mula 0 sa 6. Ipinapakita ng mga resulta na ang mga interbensyong nakatuon sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral ay may positibong epekto sa kanilang kasanayan sa pagbasa.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Research Objective No. 4: Ano-ano ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa implementasyon ng interbensyong F.I.R.E (freeze, impersonation, roll and re-tell at event sequencing)?

Upang masagot ang tanong sa pananaliksik, isinagawa ang masusing panayam sa mga impormante at kalahok. Gumamit ng mga karagdagang tanong upang hikayatin silang magbahagi ng kanilang mga tugon ukol sa kanilang obserbasyon at karanasan hinggil sa epekto ng F.I.R.E (freeze, impersonation, roll and re-tell at event sequincing) na estratehiya sa pagpapabuti ng kakayahang bumasa at umunawa ng mga mag-aaral sa Baitang 10.

Ang mga pangunahing tema at mga halimbawang pahayag para sa unang katanungan ng pananaliksik ay ipinakita sa Talahanayan 7. Ibinahagi ng mga kalahok ang kanilang mga tugon batay sa sarili nilang karanasan at obserbasyon sa isinagawang interbensyon. Mula sa mga sagot ng mga kalahok, walong pangunahing tema ang lumitaw: (1) Nagpapataas ng Interes at Motibasyon sa Pagkatuto; (2) Nagpapalawak ng Pag-unawa sa Kwento; (3) Nagpapalakas ng Kumpiyansa at Kakayahan sa Pagpapahayag; (4) Nagpapaunlad ng Ugnayan at Kooperasyon; (5) Pagpapalalim ng Empatiya at Pag-unawa; (6) Kahalagahan ng Visual Aids at Teknolohiya sa Pagkatuto ay Inimungkahi; (7) Pagpapalawak ng Panahon sa Aktibidad ay Kailangan; at (8) Pagpapalawak ng Panahon sa Aktibidad ay Kailangan.

Talahanayan 7. Tema at mga Halimbawang Pahayag Pananaw ng mga Mag-aaral hinggil sa Implementasyon ng Interbensyong F.I.R.E (Freeze, Impersonation, Roll and Re-tell at Event Sequencing) sa Paghubog ng Kakayahan sa Pag-unawa sa Binasang Teksto.

Pangunahing Tema	Halimbawang Pahayag
Nagpapataas ng Interes at Motibasyon sa Pagkatuto	“Isang makulay at interaktibong paraan ng pagtuturo.” P_01 “Engganyong paraan ng pagtuturo, kaya nagkakaroon ako ng gana at interes sa pag-aaral.” P_03 “Masaya ang klase. Di ako nababagot.” P_06 “Mas madali kong naintindihan dahil interactive.” P_08
Nagpapalawak ng Pag-unawa sa Kwento	“Nakatulong ang *impersonation* sa akin upang mailagay ko ang sarili ko sa iba't ibang pananaw ng mga tauhan.” P_02 “Mas madaling matandaan at maunawaan ang mga detalye.” P_04 “Dahil sa *event sequencing* at *roll and re-tell*, naging malinaw sa akin ang buong kwento.” P_09 “Mas naintindihan ko ang daloy ng pangyayari.” P_01
Nagpapalakas ng Kumpiyansa at Kakayahan sa Pagpapahayag	“Mas tumaas ang aking kumpiyansa sa pagbasa at pag-unawa.” P_05 “Napalakas ang kakayahan ko sa pagsusuri at pagganap.” P_07 “Nakapagpahayag ako nang mas malinaw dahil sa mga aktibidad.” P_10 “Mas naging expressive ako sa klase.” P_01
Nagpapaunlad ng Ugnayan at Kooperasyon	“Naranasan ko ang kolaborasyon sa mga kaklase namin na 'di pa namin kilala.” P_01 “May kolaboratibong gawain kaya nakakaengganyo.” P_06 “Mas naging malapit kami sa isa’t isa sa grupo.” P_08 “Mas madali kaming nagkaintindihan sa grupo dahil sa aktibidad.” P_09
Pagpapalalim ng Empatiya at Pag-unawa	“Mas naiintindihan ko ang emosyon at motibo ng mga tauhan.” P_02 “Nakatutulong dahil ini-enhance nito ang aking pang-unawa.” P_05 “Parang nasa loob ako ng kwento kapag gumaganap.” P_07 “Mas na-feel ko ang karakter kasi ginaya ko siya.” P_10
Kahalagahan ng Visual Aids at Teknolohiya sa Pagkatuto ay Inimungkahi	“Maganda kung may *storytelling boards* para makita ang flow.” P_03 “Visual aids tulad ng story maps o character charts ay makatutulong.” P_04 “Mas nakakatulong kung may *video clips* o larawan.” P_01 “Gamitin ang *tech tools* para mas *engaging*.” P_02
Pagpapalawak ng Panahon sa Aktibidad ay Kailangan	“Habaan ang oras para maiwasan ang *pressure*.” P_06 “Dagdagan pa ang oras para sa bawat aktibidad.” P_08 “Mas maganda kung may *debriefing* pagkatapos.” P_09 “Nagmamadali kami minsan kaya parang bitin.” P_10
Props at Kasuotan ay Nagpapalalim ng Pagkakaunawa	“Dagdagan ng *props* at *costume* para mas malaman ang ginagampanang papel.” P_02 “Mas realistic kapag may kasuotan, mas *feel* ko ang karakter.” P_05 “Mas na-iintindihan ko ang papel kapag naka-*costume* ako.” P_07 “Mas *interesting* ‘pag may *costume* at gamit.” P_01

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ayon kay Asrial (2020), ang pag-unawa sa istilo at motibasyon ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay mahalaga sapagkat ito ay nakatutulong sa pagpapadali ng kanilang proseso ng pagkatuto, lalo na kung may kaugnayan ito sa kanilang interes sa binabasang akda. Sang-ayon naman ito sa pag-aaral ni Kozikoğlu (2021), mahalagang maunawaan ang istilo at motibasyon ng pagkatuto ng mga mag-aaral sapagkat nakatutulong ito sa pagdidisenyo ng mas epektibong mga kapaligirang pampagkatuto at estratehiyang panturo na nakaaambag sa mas mataas na antas ng pagkaunawa at partisipasyon ng mga mag-aaral, lalo na kung ang mga nilalaman ng aralin ay naaayon sa kanilang interes.

Ayon naman sa pag-aaral ni Comia (2024), ang pagkakaroon ng kabisaan ng paggamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo sa pagtataya ng pagbasa at komprehensyon ay nagkakaroon ng pagtaas sa oral rading at comprehension scores ng mga mag-aaral, natuklasan rin na hindi ito magiging sapat kaya iminumungkahi ng mananaliksik ang mas matagalang paggamit nito. Suportado naman ito ng pag-aaral ni Labindao (2022), na kung saan ay ipinakita ng resulta ng kanyang pag-aaral na ang paggamit ng mga local na konteksto at materyales ay nakatutulong sa pagpapataas ng interes at pag-unawa ng mga mag-aaral sa binabasa.

Ang pag-aaral nina Imperial at Ong (2021), ay nagbibigay ng mahalagang pananaw sa kung paano maaaring gamitin ang mga leksikal na tampok upang mapabuti ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga kwento. Sa pamamagitan ng mas angkop na pagpili ng mga materyales sa pagbasa, mas napapalawak ang kakayahan ng mga mag-aaral na maunawaan at masiyahan sa kanilang binabasa. Binigyang-diin ito ng pag-aaral nina Tabanera at Barrios (2024), na kung saan ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng paggamit ng mga interaktibong at kontekstuwal na kagamitan sa pagtuturo upang mapabuti ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga kwento. Sumusuporta ito sa ideya na ang paggamit ng mga angkop na materyales ay maaaring magdulot ng mas malalim na pag-unawa at mas mataas na antas ng kasanayan sa pagbasa.

Nagbibigay ang pag-aaral na ito ng mahahalagang kaalaman sa pagpapabuti ng estratehiyang F.I.R.E (freeze, impersonation, roll and re-tell at event sequencing) upang mahubog ang kakayahan sa pag-unawa sa binasang teksto. Pangalawa, tumaas ang kanilang kumpiyansa sa sarili. Binigyang-diin ni Smith (2020) na ang makabago at malikhaing gawain sa silid-aralan ay nakapagpapataas ng kumpiyansa at paniniwala ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahan. Ayon sa pananaliksik ni Alqahtani (2020), ang paggamit ng mga estratehiyang panturo na nakatuon sa pagbasa ay may malaking epekto hindi lamang sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa binasa kundi pati na rin sa kanilang kumpiyansa sa sarili. Dagdag pa rito, binigyang-diin sa pag-aaral na ang mga makabago at malikhain estratehiya ay mabisang paraan upang paunlarin ang akademikong karanasan at pagganap ng mga mag-aaral.

Ayon pa sa pag-aaral ni Namaziandost et al. (2020), natuklasan nila na ang paggamit ng Jigsaw collaborative learning method ay makabuluhang nagpa-angat ng reading comprehension ng mga mag-aaral. Sa kanilang eksperimento sa 50 EFL (English as a Foreign Language) pre-intermediate students sa Iran, ang experimental group na ginamitan ng jigsaw ay naka-score ng mas mataas sa post-test kumpara sa control group, na nagsasaad na ang kolaborasyon—kung saan bawat kabahagi ay may responsibilidad—ay nagpapadali ng pag-unawa sa binabasa. Suportado naman ito ng pag-aaral ni Lafita (2021), na kung saan ay tumaas ang kakayahan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral nang gumamit sila ng kolaboratibong estratehiya sa pagkatuto. Kung ikukumpara sa resulta ng paunang pagsusulit, mas kapansin-pansin ang naging resulta ng pagsusulit pagkatapos ng interbensyon.

Ayon kay Jonas (2021), ang empatiya ay isang mahalagang kakayahan ng tao upang maunawaan ang damdamin, karanasan, at pananaw ng iba. Ipinapaliwanag niya na ang pagbasa ay hindi lamang intelektuwal na gawain kundi emosyonal na paglalakbay na nagbubukas sa mambabasa sa mundo ng iba't ibang karanasan. Dagdag pa, base sa pag-aaral ni Kumar (2020) na ang pagbasa ay maiuugnay sa kaalaman kundi sa pagbuo ng malasakit at mas malawak na unawa.

Ang pagkakaroon ng kagamitan at teknolohiya sa pagkatuto ay isa sa iminungkahi ng mga mag-aaral. Ayon kina Baker et al. (2023), ang mga mag-aaral na sumailalim sa interbensyong pampagbabasa na may makabuluhang ugnayang pang-instruksyon ay nagpakita ng mas mataas na pag-unlad sa pagbasa. Ipinapakita ng pag-aaral na ang aktibong gabay ng guro at paggamit ng konkretong kagamitan ay may positibong epekto sa pagkatuto. Dagdag pa, base sa pag-aaral nina Batur et al. (2020), mahalaga ang kakayahang magpaliwanag ng biswal na bagay sa paglinang ng visual literacy. Ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang visual aid ay epektibong kasangkapan sa pagpapadali ng pag-unawa at pagpapalakas ng kasanayan sa pagbasa.

Ayon kina Mariano et al. (2020), mahalagang bigyang sapat na oras ang mga aktibidad sa pagbasa upang mapabuti ang kasanayan at pag-unawa ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng kanilang pag-aaral na ang pagpapalawak ng oras sa pagbasa ay mahalagang salik sa pag-unlad sa larangang ito. Kaakibat nito, sa pag-aaral nina Caponayan et al. (2024), isang apat na linggong interbensyon na kinabibilangan ng aktibasyon ng background knowledge, paulit-ulit na pagbasa, pagbasa nang malakas, at pagtatanong ang isinagawa. Lumitaw na kahit sa maikling panahon, ang sistematikong interbensyon ay may malinaw na positibong epekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang.

KONKLUSYON

Batay sa unang layunin ng pananaliksik, lumitaw na bago maisagawa ang interbensyong F.I.R.E (freeze, impersonation, roll and re-tell at event sequencing), ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto ay nasa katamtamang lebel, na may mean percentage score na 42%. Ipinapakita nito na ang mga mag-aaral ay kadalasang tama ang pag-unawa at bagamat may ilang pagkakamali, hindi ito gaanong nakaaapekto sa pag-unawa sa binasa, kaya ay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kinakailangan ang isang angkop na interbensyon upang mapaunlad ang kanilang pagkatuto.

Kaugnay ng ikalawang layunin, matapos maisagawa ang interbensyon, malinaw na nagkaroon ng positibong pagbabago sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Mula sa mean score na 16.800 (pre-test), ay tumaas ito sa 28.75 (post-test), katumbas ng 71% mean percentage score na may deskripsyong "mataas". Ipinapakita nito na naging epektibo ang ginamit na estratehiya upang malinang ang kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto.

Bilang tugon sa ikatlong layunin, isinagawa ang paired t-test upang matukoy kung may makabuluhang pagkakaiba sa mga iskor ng mag-aaral bago at matapos ang interbensyon. Lumabas sa pagsusuri na ang $t(40) = 14.659$, $p < .001$, na nagpapakita ng statistically significant difference sa pagitan ng pre-test at post-test scores. Bukod pa rito, ang nakuha na Cohen's $d = 2.318$ ay nagpapahiwatig ng napakalaking effect size, na nangangahulugang ang interbensyon ay may matibay na epekto sa pagtaas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang teksto.

Para sa ikaapat na layunin, natukoy sa mga obserbasyon at resulta ng pagsusuri na ang pinakamabisang aspeto ng interbensyon ay ang malinaw at sunod-sunod na hakbang ng F.I.R.E (Freeze, Impersonation, Roll and Re-Tell at Event Sequencing). Sa pamamagitan ng pag-alok ng mga interbensyong ito, natutulungan nito ang mga mag-aaral hindi lamang sa pagpapalakas ng kanilang kakayahang maunawaan ang binasa kundi pati na rin sa pagpapalakas ng kanilang kakayahang magamit ang wika nang mas epektibo.

Sa kabuoan, lumalabas na ang F.I.R.E ay may positibong impluwensiya sa pagkatuto at sa pagpapahusay ng kasanayan sa pag-unawa sa binabasa ng mga mag-aaral sa ikasampung baitang. Ang makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng pre-test at post-test ay nagpapatunay na ang F.I.R.E ay isang mabisang tugon sa suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa larangan ng reading comprehension. May nakita ring makabuluhang pagkakaiba sa kanilang kakayahang umunawa matapos gamitin ang nasabing estratehiya.

REKOMENDASYON

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, napatunayan na ang estratehiyang F.I.R.E (freeze, impersonation, roll and re-tell, at event sequencing) ay may positibong epekto sa pagpapabuti ng interbensyong ito. Dahil dito, iminumungkahi ng mga mananaliksik ang sistematikong pagpapatupad ng mga gawaing nakapaloob sa F.I.R.E, maging ito man ay sa pamamagitan ngdalawahan o pangkatan na aktibidad, upang higit na mapalalim ang pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang binabasa.kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa kanilang binabasa. Ang makabuluhang pagtaas sa resulta ng mga mag-aaral mula sa pre-test patungo sa post-test ay patunay ng bisa ng

Higit pa rito, inirerekomenda ng mga mananaliksik na hindi lamang ipagpatuloy kundi palawigin pa ang implementasyon ng F.I.R.E upang mas marami pang mag-aaral ang makinabang sa nasabing interbensyon. Ang malawakang pagpapatupad nito ay maaaring maging matibay na bahagi ng kurikulum, batay sa mga positibong resulta ng pananaliksik, at maaaring magsilbing regular na estratehiya sa pagtuturo ng pag-unawa sa binasa sa iba't ibang antas ng edukasyon.

Bukod dito, mahalaga ring pag-ukulan ng mas mahabang panahon ang pagpapatupad ng F.I.R.E upang matiyak ang mas malalim na epekto nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, magkakaroon sila ng sapat na oras upang matutukan ang kani-kanilang mga kahinaan sa pagbabasa, at mapalawak pa ang kanilang mga kasanayan sa pag-unawa. Ang mas matagal na interbensyon ay maaaring magbigay-daan sa mas masusing pagtutok sa indibidwal na pangangailangan ng bawat mag-aaral, na magreresulta sa mas epektibong pagkatuto.

Gayundin, mahalagang bigyang-pansin ang kapabilidad ng mga guro na mangangasiwa sa implementasyon ng F.I.R.E. Kaya naman, lubos na inirerekomenda ng mga mananaliksik na sumailalim ang mga guro sa sapat at komprehensibong pagsasanay. Ang pagsasanay na ito ay dapat tumalakay sa iba't ibang teknik sa pagtuturo, estratehiya sa pamamahala ng klase, at epektibong pamamaraan sa paggabay sa mga mag-aaral habang isinasagawa ang mga aktibidad ng F.I.R.E. Sa pamamagitan nito, mas matitiyak ang maayos at mabisang implementasyon ng nasabing interbensyon.

Sa huli, iminumungkahi rin ng mga mananaliksik na patuloy na magsagawa ng iba pang pag-aaral na nakatuon sa paglinang ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa. Mahalaga ring tuklasin at subukan ang iba pang makabago at angkop na estratehiya na nakaangkla sa kakayahan at kognitibong lebel ng mga mag-aaral. Hindi dapat limitahan ang pananaliksik sa mga naunang napatunayang pamamaraan, bagkus ay palawigin pa ito upang makahanap ng mas epektibong alternatibo. Dagdag pa rito, ang mas malalim na pagsusuri sa bisa ng F.I.R.E ay makatutulong upang lalo pang mahasa ang mga teknik at estratehiyang ginagamit dito, tungo sa mas mataas na antas ng edukasyong makabuluhan at inklusib

TALASANGGUNIAN

1. *Abril et al. (2022). The Philippine Informal Reading Inventory (Phil-IRI) Program: A critical analysis. Budapest International Research and Critics in Linguistics and Education Journal, 5(4), 432-441.*
2. *Acedillo (2023). Improving the Reading Comprehension Skills of Grade 5 Pupils through Contextualized Learning Materials: A School-Based Research.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

3. *Aguhayon et al., (2023). Addressing students learning gaps in mathematics through differentiated instruction. International Journal of Educational Management and Development Studies, 4(1), 69-87.]]*
4. *Ahmad (2021). Students' attitudes and perception of achievement in reading comprehension. Journal of English Language Teaching and Applied Linguistics, 3(4), 47–56.*
5. *Alqahtani, M. (2020). The effectiveness of using reading strategies on students' reading comprehension and self-confidence in an EFL context. International Journal of Education and Practice, 8(3), 498–506.*
6. *Amira, F. (2018). The Implementation of RCRR (Read, Cover, Remember, Retell) Strategy to Improve Students Achievement in Reading Comprehension. Repository Universitas Muhammadiyah Sumatera Utara.*
7. *Asrial, (2020) Estilo ng Pagkatuto at Antas ng Motibasyon ng mga Mag-aaral na Magtatapos ng Senior High School Sa Distrito ng Sagbayan, Bohol. UBAFRJ_volume_54_65.pdf*
8. *Baker et al., (2023). Measuring instructional interactions during reading instruction for students receiving intervention in middle school. Journal of Learning Disabilities.*
9. *Batur et al. (2020). Critical visual reading skills of students. International Journal of Education and Literacy Studies, 7(3), 38–48.*
10. *Caabay et al., (2024). Intervention to Enhance Reading Comprehension Skills of Grade 7 Students through Background Knowledge Activation, Repeated Readings, Reading Aloud, and Asking Questions. International Journal of Education and Teaching Zone, 3(1), 50–59.*
11. *Cabural, A. B., & Infantado, E. J. S. (2023). The difficulty of reading comprehension and the proficiency of the Grade 10 students of Aloran Trade High School, Philippines. Journal of Tertiary Education and Learning, 1(2), 23–29.*
12. *Caparos et al., (2024). Peer Up! (Practice and Enhance Through Engaging in Reading Using Peer Tutoring): Pagpapaunlad sa Kasanayan sa Wikang Filipino ng mga Mag-Aaral sa Sekondarya. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR). 408-416. 10.36713/epra18256.*
13. *Caponayan et al. (2024). Intervention to enhance reading comprehension skills of Grade 7 students through background knowledge activation, repeated readings, reading aloud, and asking questions. International Journal of Education and Teaching Zone, 3(1).*
14. *Centeno, J. M. (2024). Project READY PLUS+ as reading intervention: Effects on the reading comprehension of Grade 6 pupils. International Journal of Social Sciences, Humanities and Management Research*
15. *Comia, A. E. G. (2024). Kabisaan ng paggamit ng lokalisadong kagamitang pampagtuturo sa pagtataya ng pagbasa at komprehensyon sa Filipino*
16. *Casingal, C. P. (2022). Efficacy of Phil-IRI and remedial classes for Filipinos at the intermediate level. Journal of Sustainable Business, Economics and Finance, 1(2), 47-59.*
17. *Deluao et al., (2022) Improving the Reading Comprehension of Grade 8 Learners using 4rs (Read, Retell, React, Reflect) Strategy.*
18. *Dela Cruz (2024). Enhancing reading comprehension skills using WordWall: A quasi-experimental study among Grade 1 pupils. International Journal of Research in STEM Education, 4(1), 22–34.*
19. *Fernandez (2022). Reading and comprehension skills of primary learners in selected elementary school. International Journal of Multidisciplinary Research and Publications, 5(5), 149–155.*
20. *Gubalani et al. (2023). The effectiveness of peer tutoring in enhancing reading comprehension of ninth grade students. CJLS, 3(4), 75-89.*
21. *Gubalani, R., Perez, M., & Dizon, K. (2023). Pagsusuri ng pre-test at post-test sa reading comprehension ng mga mag-aaral sa sekondarya. Southeast Asian Journal of Educational Development, 7(3), 66–75.*
22. *Hamora et al. (2022). Students' evaluation of faculty-prepared instructional modules: Inferences for instructional materials review and revision. Journal of Education, Management and Development Studies, 2(2), 20-29.*
23. *Imperial, J. M., & Ong, E. (2021). Application of lexical features towards improvement of Filipino readability identification of children's literature.*
24. *Jimenez & Ocampo (2022). Improving the Reading Comprehension Skills of Grade 5 Pupils Using Localized Reading Selections. Asian Journal of Language, Literature and Culture Studies.*
25. *Jonas (2021). discusses the importance of empathy in understanding texts. https://www.researchgate.net/publication/371243057_Teaching_International_Students_in_a_Difficult_Time_The_Importance_of_Empathy.*
26. *Kritsotakis, G., & Morfidi, E. (2024). Reading comprehension and linguistic abilities of children with and without specific learning difficulties: Theoretical and educational implications. Education Sciences, 14(8), 884.*
27. *Kozikoğlu, İ. (2021). The relationship between students' learning styles, motivation, and academic achievement. Educational Research and Reviews, 16(3), 95–104.*
28. *Kumar (2020). Investigating Reading Challenges Faced by EFL Learners at Elementary Level.*
29. *Kung & Aziz (2020). "An action research on metacognitive reading Strategies instruction to improve reading comprehension. DOI: 10.18488/journal.23.2020.92.86.94.*
30. *Labindao, J. D. (2022). Localized self-learning module in reading. International Journal of Research Publications, 102(1).*
31. *Lusianti (2020). A comparing study of students reading comprehension performance in two test formats multiple choice and open ended questions (causal comparative at eleventh grade MAN 01 Mukomuko Academic Year 2019/2020.*
32. *Marvas et al. (2024). Enhancing reading comprehension in Grade 5 students using the Kiddie ReCom app. Davao Research Journal, 15(3), 100–110.*
33. *Mariano et al. (2020). Paglalaan ng sapat na oras sa pagbasa: Epekto sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Philippine Journal of Language and Literacy Education, 10(1), 22–30.*
34. *Mariano, E. M., Del Rosario, C., Bensurto, S. A., & Hernandez, M. M. (2020). Using extensive reading in improving reading speed and level of reading comprehension of students. Journal of Critical Reviews, 7(15), 1127.*
35. *McBreen, M., & Savage, R. (2023). Motivation matters: A meta-analysis of the effects of motivational and strategy interventions on reading comprehension. Educational Psychology Review, 35, Article 60.*
36. *Muegna (2024). The Role of Learning Style Preference and Lexical Inferencing Strategies on the Reading*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Comprehension of Education Students: A Mixed Methods Study.

37. *Namaziandost et al. (2020). The effect of Jigsaw approach on reading comprehension: A quasi-experimental study among Iranian EFL learners. Journal of Language Teaching and Research, 11(5), 743–752.*
38. *Ojeh (2022). The Impact of Independent Reading Intervention on Improving Students' Reading Fluency.*
39. *Robison, J. E. (2022). Peer tutoring towards Improved reading comprehension of grade 10 learners in a National High School. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 3(7), 1379-1389.*
40. *Smith, J. (2020). The role of self-reflection in enhancing self-confidence among college students. Journal of Educational Psychology, 42(3), 356-371.*
41. *Tabanera, K. I., & Barrios, R. T. (2024). Pupils' reading comprehension: Basis for the development of reading instructional material. International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research, 5(1).*
42. *Voxco. (2021). Understanding Pre-Experimental Research Design. Retrieved from https://www.voxco.com/blog/pre-experimental-research-design/.*